JANUARY Makugihon
FEBRUARY Mahigugmaon
MARCH Matinabangon
APRIL Matinahuron
MAY Mahapsay og Malimpyo
JUNE Maabtik og Musunod sa Itsaktong Oras
JULY Maantigo og Maabilidad
AUGUST Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER Madaginoton
OCTOBER Matinud-anon
NOVEMBER Masaligan
DECEMBER Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 5

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 5:

## Kapuwa Ko, May Malasakit Ako



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________



# Alamin

Alam mo ba na...

Kapag pinabayaan mo ang iyong kapuwa at malasakit mo'y ipinagkaila, sa araw ng paghuhukom pananagutan mo ito sa Diyos na may likha.

Likas sa tao ang kabutihang loob. Sa kaibuturan ng kanyang puso naroroon ang binhi ng pagmamahal sa kapuwa. Naroroon ang pagsasaalang-alang sa kapakanan ng kanyang kapuwa.

Masasabi mo bang ikaw ay marunong magpaubaya ng sariling kapakanan para sa kabutihan ng iyong kapuwa?

Sa modyul na ito,iyong pag-aaralan ang tungkol sa kahalagahan ng pagmamalasakit sa kapuwa sa pamamagitan ng pagpapaubaya at pagtulong para sa kanilang kapakanan.

Ang mga inihandang gawain sa modyul na ito ay naglalayon na patnubayan kayong makamit ang kasanayang pampagkatuto:

**Kasanayang Pagkatuto:**

Nakapagpapaubaya ng pansariling kapakanan para sa kabutihan ng kapuwa **( EsP5P-IIf-26)**

**Modyul 5**

# Kapuwa Ko, May Malasakit Ako

## Balikan

Minsan , dumarating sa ating buhay na kailangan nating unahin ang kapakanan ng iba at isantabi ang pansarili nating kapakanan. Karamihan sa atin ay nakakaranas ng ganitong pangyayari at sa bandang huli , nararamdaman natin ang kasiyahan sa ating sarili sa pagsasaalang-alang natin ng kapakanan ng iba.



***Mga Tala para sa Guro***

Ang guro ay magpapakita ng larawan may kaugnayan sa kwentong ibabahagi (larawan ng magkapatid na lalaki na pasan sa likod ang kapatid na may kapansanan). Magtatanong ang guro tungkol sa larawan.





# Tuklasin

**Panuto**: Basahin ang isang maikling kuwento na pinamagatang " Para sa Kapakanan Mo, Handa Ako .

**"Para sa Kapakanan Mo, Handa Ako**

**Ni: Galileo L. Go**

Mahal na mahal ni Leon ang kanyang kapatid na si Bobby na may kapansanan. Naputol ang mga paa nito dahil sa isang aksidente kaya lagi siyang nasa wheelchair. Simula noon si Leon na ang umaalalay kay Bobby. Minsan nga ay pinapasan niya ito sa kanyang likod. Minsan, habang sakay niya si Bobby sa kanyang likuran, tinanong si Leon ng isa nilang kapitbahay.

'" Hindi ka ba nabibigatan kay Bobby?" " Hindi po. Kapatid ko po siya at lagi po akong handing tulungan siya",ang nakangiting sagot ni Leon.
Sa isa namang pagkakataon,nagkaroon ng camping ang mga Boy Scouts. Biyernes ng hapon ang alis ng kawan ni Leon. Bigla namang kailangang isugod sa pagamutan ang lolo ni Leon.

"Papaaano iyan, sino ang kasama ni Bobby habang nasa pagamutan kami? Pupunta si Leon sa camping nila," ang nag-aalalang tanong ni Nanay.

" Huwag kayong mag-alala, Nanay,Tatay. Ako na ang maiiwan ditto sa bahay. Sasabihin ko na lang na hindi ako makasasama sa camping dahil may nangyaring hindi inaasahan sa atin," ang sagot naman ni Leon." Salamat, anak. Napakabait mo," ang sabi naman ni Nanay.
Pagdating sa Lunes, nakita si Leon ng ng mga kasamang boy scouts. " Leon, saying hindi ka sumama. Ang saya ng camping. Marami kaming natutuhan at nakilalang mga boy scout na galing pa sa ibang bansa," ang masayang pagbabalita ni Eric." Sayang nga pero, kailangan kong iukol ang aking panahon para sa kapakananng aking kapatid at lolo," ang sagot ni Leon.

**Sagutin ang mga tanong mula sa nabasang kuwento:**

a. Paano ipinakita ni Leon ang pagmamahal sa kanyang kapatid?
____________________________________________________________

b. Paano naapektuhan ng biglaang pagkakasakit ng lolo ni Leon ang pagsama sa kanilang camping?
____________________________________________________________

c. Ano ang maaaring nangyari kung itinuloy ni Leon ang pagsama sa camping?
____________________________________________________________

d. Ano ang naging bunga ng pagpapaubaya ni Leon para sa kapakanan ng kanyang pamilya?
____________________________________________________________

e. Bilang mag-aaral na tulad ni Leon, gagawin mo rin ba ang ginawa niya ? Bakit?
____________________________________________________________

f. Anong aral ang iyong napulot sa kwentong '" para sa Kapakanan Mo, Handa Ako" ?
____________________________________________________________




# Suriin

Gawain 1

Tingnan mabuti ang mga larawan. Batay sa larawang nakita, pumili ng isa at sumulat ng isang maikling diyalogo na nagpapakita ng pagpapaubaya ng sariling kapakanan para sa kabutihan ng kapuwa.






**Tandaan :**

- Ipaubaya ang pansariling layunin para sa kapakanan ng iyong kapwa kung kinakailangan.
- Sa pamamagitan ng pagpapaubaya at pagtulong ay naipakikita natin ang pagmamahal at pagmamalasakit sa kapuwa**.**



# Pagyamanin

**Gawain 1**

**Panuto**: **Fact or Bluff**. Isulat ang Fact kung makatotohanan ang pahayag at Bluff naman kung hindi.

_________1. Tumulong sa kapuwa sa oras ng pangangailangan .

_________2. Pabayaaan na lamang na intindihin ang sarili sa oras ng mga kalamidad

_________3. Nagbibigay ng mga relief goods sa mga nasalanta ng bagyo.

_________4. Huwag mong pakialaman ang kapakanan ng iyong kabarangay lalo na sa oras ng pangangailangan.

_________5. Bilang, namumuno sa barangay, ipinakita mo ang pagmamalasakit sa mga tao sa pamamagitan ng pagbibigay mo ng damit at pagkain at iba pangtulong pinansyal.

**Gawain 2**

**Panuto**: Basahin ang bawat pangungusap. Isulat ang T kung tama ang ipinahahayag ng pangungusap at M kung hindi tama.

_________1.Ang pagpapaubaya ng sariling kapakanan para sa kapuwa ay gawaing kinalulugdan ng lahat.

_________2. Dapat unahin ang sariling kapakanan upang umunlad.

_________3.Ang pagpapaubaya alang-alang sa kapuwa ay nagdudulot ng kasiyahan di lamang sa iba kundi pati na rin sa ating sarili.

_________4. Kapag tumulong sa mga nangangailangan kailangan maghintay ng kapalit.

_________5. Ugaliing isaalang-alang ang kapakanan ng nakatatanda at may mga kapansanan sa lahat ng pagkakataon.



# Isaisip

**Panuto**: Sagutin ang tanong ng buong katapatan batay sa iyong damdamin.
Masasabi mo bang ikaw ay marunong magpaubaya sa panahon ng pangangailangan ng iba? Anong marka ang ibibigay mo sa iyong sarili? Kulayan ang bilog ng iyong marka.

0 – 25% 26 -50% 51-75% 76 – 100%

Bakit mo binigyan ng ganitong marka ang iyong sarili? Isulat ang sagot.



# Isagawa

**Panuto** : Sumulat ng isang islogan na may kaugnayan sa pagpapaubaya ng pansariling kapakanan para sa iba.

**Rubrics sa Pagmamarka ng Isinulat na Islogan**

| **Mga Batayan** | **Antas ng Pagmamarka** | | |
|---|---|---|---|
| | **5** | **3** | **2** |
| 1. Pagsunod sa Panuto | Nasunod ang panutong ibinigay | Hindi masyadong nasunod ang panutong ibinigay | Hindi nasunod ang panutong ibinigay |
| 2. Nilalaman | Malinaw na naipahayag sa islogan ang pagpapaubaya ng sariling kapakanan para sa kapwa | Hindi masyadong naipahayag sa islogan ang pagpapaubaya ng sariling kapakanan para sa kapwa | Malayo sa paksa ang naisulat na islogan. |
| 3. Organisasyon | Mahusay ang pagkasulat ng islogan.Nagkaka-sunod-sunod ang mga ideya | Hindi masyadong maayos ang pagkasulat ng islogan. | Hindi maayos ang pagkasulat ng islogan. |



# Tayahin

**Panuto** :Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Sagutin ang mga tanong tungkol dito.

1. Araw ng Sabado at wala kang pasok. Naisipan mong maligo na.Nakita mo na halos isang gtimba na lang ang natitirang tubig na inyong naipon kagabi. Hapon pa ibabalik ang serbisyo ng tubig sa inyong pamayanan. Naghahanda naring maligo ang iyong ate para pumasok sa kanyang trabaho. Ano ang gagawin mo?

2. Oras ng recess at nakapila ka sa kantina. Gutom na gutom ka na. mahaba ang pila.Nang ikaw na ang sususnod na bibili ng pagkain, nakita mo ang isang bata na may saklay sa likuran. Ano ang gagawin mo?

3. Mahilig kang magbasa ng mga kwentong pambata.Mayroon kang matagal nang inaabangang kwento isinulat ng paborito mong manunulat.Laking tuwa mo nang malaman mong mayroon nito sa inyong silid-aklatan. Nang kinakausap mo na ang librarian, narinig mo na nagtatanong ang isa pang bata tungkol sa aklat na hinihiram mo. Narinig mo rin na ang aklat ay kailanagan basahin ng bata para sa kanyang ulat kinabukasan. Ano ang gagawin mo?



# Susi sa pagwawasto

**Subukin**

1. a
2. c
3. a
4. d
5. b

**Pagyamanin**

**Gawain 1**

1.fact

2.bluff

3.fact

4.bluff

5.fact

**Gawain 2**

1. T
2. M
3. T
4. M
5. T

**Tayain**

Iba-iba ang magiging sagot ng mga bata

## *Sanggunian*


Aklat

Kagawaran ng Edukasyon , Edukasyon sa Pagpapakatao 5, Kagamitan ng mag-aaral,5,Go,Galileo et.al 2013

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul


| | |
|---|---|
| Manunulat: | **Lady Rommelyn M. Francisco**<br>Teacher I<br>Diki Elementary School<br>Isabela City Schools Division |
| Editor: | Hamida I. Patino,ESHT-II |
| Tagasuri: | Murada M. Danial, EdD,PSDS Island District I |
| Tagaguhit: | Janice Irene Abducarim |
| Tagalapat: | Lady Rommelyn M. Francisco |
| Tagapamahala: | Julieto H. Fernandez, EdD, CESO VI, OIC-SDS<br>Ma. Laarni T. Villanueva, EdD, CESE VI, OIC-ASDS<br>Eduardo G. Gulang, SGOD Chief<br>Henry R. Tura, CID Chief<br>Elsa A. Usman, EPS, ADM Module Coordinator<br>Violeta M. Sta.Elena, EPS-EsP |

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.